REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

## KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 97-65

**KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA PANGALAWANG PUNONGLUNGSOD, KGG. JAIME R. FRESNEDI, PANSAMANTALANG PUNONGLUNGSOD, NA OKUPAHIN ANG TANGGAPAN NG PUNONGLUNGSOD, KGG. IGNACIO R. BUNYE, AT ITALAGA SI KGG. MELCHOR R. TEVES BILANG PANSAMANTALANG PANGALAWANG PUNONGLUNGSOD.**

*******************************************************************************

Ipinanukala nina : **Kgg. Rafael R. Arciaga**
**Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Dante S. Almario**
**Kgg. Rey E. Bulay**
**Kgg. Aldrin L. San Pedro**
**Kgg. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kgg. Roman E. Niefes**
**Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kgg. Alejandro L. Martinez**
**Kgg. Rufino b. Joaquin**
**Kgg. Artemio A. Simundac**
**Kgg. Allan Rey a. Camilon**

*******************************************************************************

**SAPAGKAT,** itinatadhana sa Artikulo 83 (d) ng mga Kautusan at Alituntuning Nagpapatupad sa Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991, "na kung ang alkalde sa lungsod ay pansamantalang hindi makatupad sa kanyang tungkulin sa kadahilanan ng pag-lalakbay sa ibang bansa, ang bise alkalde ng lungsod ang awtomatikong gaganap sa mga tungkulin at gagamit ng mga kapangyarihan ng lokal na pinunong tagapagpaganap;"

**SAPAGKAT,** noong 22 Hulyo 1997, ang Punonglungsod, Kgg. Ignacio R. Bunye ay ipinalabas ang Natatanging Kautusan Bilang 04S1997 na nagsasaad ng pagtatalaga sa Pangalawang Punonglungsod, **KGG. JAIME R. FRESNEDI** bilang Pansamantalang Punonglungsod, kaugnay ng pag-alis ng Punonglungsod ng bansa patungong New York City, USA mula 23 Hulyo hanggang 4 Agosto 1997;

**SAPAGKAT,** sa pag-alis ng Punonglungsod, ang pagtupad sa kanyang katungkulan ay iniatang sa Pangalawang Punonglungsod hanggang sa kanyang pagbabalik;

**SAPAGKAT,** sa pansamantalang paglisan ng Punonglungsod, nararapat na ang Pangalawang Punonglungsod ay okupahin ang tanggapan ng Punonglungsod upang magampanan ang tungkuling iniwan sa kanya at pansamantalang italaga ang Miyembro ng Sangguniang Panglungsod na may pinakamataas na rango upang gumanap ng tungkulin ng Pangalawang Punonglungsod;

**SAPAGKAT,** si **KGG. MELCHOR R. TEVES,** ang nahalal na Konsehal na may pinakamataas na rango sa Sangguniang Panglungsod.

SANGGUNIANG PANGLUNGSOD NG MUNTINLUPA

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**NGAYON, DAHIL DITO,** Pinagpasiyahan ng mga Miyembro ng Sangguniang Panglungsod na hilingin sa Kgg. Jaime R. Fresnedi, Pansamantalang Punonglungsod, na okupahin ang Tanggapan ng Punonglungsod, Kgg. Ignacio R. Bunye at italaga si **KGG. MELCHOR R. TEVES** bilang Pansamantalang Pangalawang Punonglungsod.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong **28 Hulyo 1997**, sa ginanap na **ika-91 na Regular na Sesyon.**

**SUMANG-AYON :**

(ABSTAIN)
**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



(ABSTAIN)
**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Tumatayong Pansamantalang Tagapangulo

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196